# EPEKTO NG MAKABAGONG TEKNOLOHIYA SA MGA MAG-AARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL

Isang Pananaliksik na Iniharap sa mga

Faculty ng Pangalawang Edukasyon

UNIBERSIDAD NG VISAYAS- MANDAUE

Mandaue City

Sa Bahagyang Katuparan ng mga Kinakailangan para sa

Antas  ng Senior High School

Robejane R. Bacalso

Rosemary Descartin

Mary Joy D. Cecilio

**Marso 2019**

# EPEKTO NG TEKNOLOHIYA SA MGA MAG-AARAL

**Introduksyon:**

Sa bawat henerasyon ng makabagong teknolohiya ay may maraming impormasyon ang naiambag sa ating lipunan o pang araw-araw na pamumuhay natin. A ng social networking ay isang produkto ng makabagong panahon. Ito rin ang nagpapabilis ng komunikasyon. Ayon sa isang dalubhasa, ang komunikasyon ay isang makabuluhang kasangkapan upang maipaliwanag nang buong linaw ang kanyang iniisip at nadarama. Dito natin makikita ang matatag sa pagkakaunawaan at relasyon ng mga tauhan sa lipunan. Maging bukas din ang isipan sa mga pangyayari sa loob at labas ng ating komunidad at libangan ng karamihan. Ngunit sa kabilang dako , nagiging bulag ang mga estudyante sa maaaring epekto nito sa ating pag-aaral.

Dahil nagbabago na rin ang ating modernisasyon sa ating mundo, marami na ang pagbabago. Kabilang na ditto ang pagbabago sa pananaw ng mga estudyante sa makabagong paraan sa kanilang pakikisalamuha sa kapwa. Masasabing mahalaga ang oras na sinayang ng mga estudyante sa makabagong teknolohiya, mga kinahihiligan na mga larong online, maging paraan sa kanilang pakikisalamuha sa kapwa. Masasabing mahalaga ang oras na sinayang ng mga estudyante sa pagpunta sa mga computer shop, para buksan ang kanilang account, maglaro ng online games, kaysa pumunta sa paaralan upang making sa mga guro.

Kadalasan naman, nawawalan na nang ganang making sa itinuturo ng mga guro dahil kahit sa oras na talakayan ay hawak-hawak pa rin ang cellphone at patulo sa pagbisita ng kanilang account sa ibang sites. Ang iba naman, dahil sa mga impormasyon na kanilang nasasagap o nakukuha mula sa binisitang sites, alam na nila ang tinuro kaya at hindi makuha-makuha ang atensyon ng mga estudyante.

Ayon sa pag-aaral nina Baailire (2007), ang genre ay may malaking papel na ginagampanan sa paghubog ng kagandahang asal ng mga estudyante. Sa pamamagitan ng social media ng makabagong teknolohiya , ay kay gulo ng takbo ng kanilang pag-iisip sa larangan ng kanilang pag-aaral. Nakakalungkot isipin na mas nangingibaw ang negatinong epekto ng social media sa mga estudyante at unti-unti na rin ang nahihigitan ang asal at disiplina sa sarili.

Dahil dito, ang mga guro ay pangalawang magulang ng mga estudyante na nararapat nag awing kawili-wili ang mga gawaing pang akademiko, kakaibang pagtuturo at paghahandang mga motibasyon. Ito ang pansin ng mga estudyante para mas mahikayat silang making at makilahok sa talakayan. Kaya't nararapat silang bigyan ng ibayong gabay ng mga guro.


Kaya bilang paghahanda sa kagamitan sa pangturo , layunin ng mag-aaral na kumalap ng impormasyong kinakailangan para tuklasin ang epektong dulot ng teknolohiya sa mga estudyante. Ito ay para maging gabay ng mga estudyante  kung paano maiiwasan at masosolusyunan ang wastong paggamit ng teknolohiya.

**Kailigiran ng pag-aaral**

Napili nang paksa ng pananaliksik na ito upang magkaugnay ito sa larangang kinabibilangan ng mga mananaliksik.  Ang social media ay isang uri ng pakikipag-ugnayan gamit ang makabagong teknolohiya. Sa kasalukuyang, ang paksa tungkol sa social media ay mahalaga sa paghatid ng impormasyon particular na sa mga estudyante. Sapagkat napakaraming sites na umusbong, napakarami ring impormasyon ang natutuklasan sa simpleng pagbisita nila sa ibat ibang sites.

Layunin ng pananaliksik na ito ay mabigyang kaalaman ang mga estudyante tungkol sa s teknolohiya na karaniwang popular sa lipunan . Layunin din dito na ipabatid sa mga estudyante ang mga epekto ng teknolohiya, positibo man o negatibo , lalong- lalo na sa kanilang pag-aaral . Higit sa lahat ninanais ng pananaliksik na ito na mabigyang solusyon ang mambabasa upang maiwasan ang hindi wastong paggamit ng teknolohiya.

**Balangkas Teoritikal**



**Balangkas Konseptuwal**

Malaki ang epekto ng paglakas ng kapangyarihan ng teknolohiya sa ating mundo o sa ating bansa. Minsan tayo ay napapaisip kung ano na nga kaya ang ating buhay kung wala ang teknolohiya? Ang buhay kaya natin ay masasabi paring masaya at makabuluhan kung wala ang mga ito? Isa na nga ang teknolohiya sa mga bagay na may malaking epekto sa buhay ng tao , sapagkat pinaunlad nito ang ekonomiya sa pangkalahatan at ang ating sarili lalong lalo na sa pakikitungo sa ibang tao , at ang paggamit ng mga teknolohiya sa larangan ng edukasyon.

Ang edukasyon ay napakahalaga sapagkat ito ang magiging sandigan ng mga kabataan tungo sa kaunlaran. Ang mga kabataang ito ang magsisilbing susi upang umunlad an gating lupang sinilingan. Mga kabataang makapagbibigay liwanag sa mga mamamayan mula sa madilim na nakaraan . Na maging daan patungo sa ating pinakaaasam-asam na pagbabago at kaunlaran.

Sa panahon kung saan ang agham at teknolohiya ay patuloy na sumisibol ibat ibang mga gadgets ang mga naiimbento’t natuklasan. Kaliwa’t kanan ang mga makabagong bagay na nalilikha ng tao. Ilan sa mga ito ay ang cellphone, computer pati narin ang pagtuklas sa internet. Ito ang mga makabagong bagay na makakapagpadali n gating pamumuhay at ating gawain.

Ngunit ang dalawang mukha: ang mabuti at masama ang mga teknolohiyang makabago ay may dulot ding negatibo sa mga mag-aaral. Sa halip na magsasaliksik para sa takdang aralin, ang inaasikaso ay mga online games. Ito ang ilan sa mga paraan ng paggamit ng mga kabataan sa mga makabagong teknolohiya.

Constructivism theory ayon sa teoryang ito nagkakaroon ng pagkatuto ang tao at gumagawa ng kabuluhan batay sa kanyang mga karanasan.

**Saklaw at limitasyon ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa paglalahad ng mga positibo at negatibong epekto ng social media sa mga estudyante ng isang paaralan sa ika labing-isang baiting.

Nalimitahan ang pag-aaral na ito sa senior high school. Hinahangad din ang pag-aaral na ito na suriin ang pananaw at persepsyon ng mga guro sa epektong dulot ng social media sa mga estudyante. Sa huli, binibigyan ng mananaliksik ang mga mungkahing solusyon upang maiwasan ang sobrang *pagkahumaling* sa social media ng mga estudyante. Sa huli , binibigyan ng mananaliksik ang mga mungkahing solusyon upang maiwasan ang sobrang pagkahumaling sa teknolohiya ang mga estudyante.

**KAHALAGAHAN NG PAG AARAL**

Malaki ang epekto ng Social Media sa mga estudyante ngayon. Maaaring mabuti o masama ang dulot nito depende sa taong gumagamit. Ang pag – aaral na ito ay inaasahang maging kapaki – pakinabang sa mga sumusunod: Sa mga Mag – aaral. Sa pamamagitan ng pag – aaral na ito, magsisilbing patnubay at makatutulong para makakuha ng paraan kung paano mababago at mapapaunlad ang kanilang pananaw tungkol sa Social Media. Makatutulong din ito upang maimulat ang isipan ng mga estudyante sa tamang paggamit ng social media bilang instrumento sa pagpapaunlad ng kanilang sarili. Sa mga Guro. Upang bigyang – ideya ang mga guro tungkol sa Social Media na kadalasang pinagtutuunang – pansin ng mga estudyante sa ngayon. Sa pamamagitan ng mga ideyang napulot, maaaring gamitin at isagawa ang mga maging mungkahing paraan at solusyon para malimitahan ng mga estudyante ang kanilang lubos na pagkahumaling sa Social Media. Tagapangasiwa ng Paaralan. Ang resulta o ang kinalabasan ng pag – aaral na ito ay makatutulong sa pagpapatupad ng mga programa, proyekto, mga gawain at iba pang mga hakbang para makatulong sa mga mag – aaral na mapaunlad ang kanilang persepsyon o pananaw tungkol sa dito. Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap. Ang aming pananaliksik ay magsisilbing gabay upang kung sakaling ang kanilang paksa ay kauri nitong pag – aaral ay may mapagkukunan sila ng mga kaugnay ng literatura at karagdagang kaalaman. Sa mga kasalukuyang mag-aaral ng SENIOR HIGH SCHOOL . Bilang isang mag-aaral at guro, abogado, pulis, nurs sa hinaharap , ang pananaliksik na ito ay magsisilbing mapagkukunan ng mga ideya at mga posibleng sitwasyong kanilang kalalagakan sa hinaharap. Sa ganoong paraan makapaghahanda sila upang gawin ang kanilang pagtuturo na mas epektibo.

**KATUTURAN NG MGA KATAWAGAN**

**Technology/ Teknolohiya –** ang pagsulong at paglapat ng mga kasangkapan , makina, kagamitan at proseso upang tumulog sa paglunas ng mga suliranin ng tao.

-mga gadgets na ginagamit ang kalian lamang natuklasang na proseso at prinsipyong maka agham

**Social Media** ay isang daan upang makipagkaibigan sa isang tao kahit hindi mo siya nakikita.

**Social Networking sites** ay mga modernong paraan ngayon sa pakikipagkaibigan ng ibat ibang tao sa mundo dahil ito ay may high tech , mas madali at higit sa lahat mas mabilis. Ito ang tulay sa atin para makamusta sa mga mahal natin sa buhay.

## KABANATA II

### Rebyu at pag-aaral ng mga kaugny na literature

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na nakalap ng mga mananaliksik. Napapalagom ng sining; gap at katuturan ng talakay

### MGA LITERATURA AT PAG-AARAL MULA SA IBANG BANSA

Sa pag-aaural ni S. Wilson sa kanyang artikulo na “The influence of Technology on Senior High Students”sinasabi na ang kailangan ng tao ay paggamit ng teknolohiya ay ang disiplina. Ang bawat henerasyon ay may ibat ibang disiplina batay na rin sa kanilang kinagisnan na komunidad. Ayon kina Coomes at Debard (2004) ay nasabi na “Ang kasaysayan at kultura ay may malaking bahagi sa pagbuo ng paninkiwala at kaugalian ng isang katauhan”. Sa paglipas ng panahon, nagiging iba na ang pag-uugali ng tao kaysa noon na wala pang impluwensiya ng teknolohiya. Ayon kina Coomes at Debard (2004), at Howe at Strauss(2003) , sinasabi nila na ang disiplina ng tao ay ang pinaghalong environment factor at social factor. Kagaya ng impluwensiya ng pamilya, ng media, ng relihiyon, ng mga kaibigan, ng pag-aaral at ng politika. Ang disiplina ay mahalaga para sa mga mag-aaral lalo na sa mga senior high school kung paano sila makitungo sa kanyang kapaligiran.

Ngayon ang mga mag-aaral ng SHS ay mayroon ng makabagong teknolohiya gaya ng cellphone, Ipod, MP3 players at online social networks gaya ng facebook, twitter, instagram. Ang mga napapanood naman sila na telebisyon at mga laro sa kompyuter ay maaaring makapag pabago sa uri ng kanilang pag-iisip. Ang mga ito ay may malaking impluwensiya sa academic performance nila sa loob ng klase. (Strauus, Howe , Markiewicz 2006).

Ayon sa pag aaral ni Sadler (2007), kadalasan maririnig natin sa mga mag-aaral ngayon na sinasabi kung gaano sila nagpuyat sa paggawa ng mga aralin at kung gaano sila kaaga gumising para pumasok. Ang mga mag-aaral ngayon ay kayang pagsabayin ang pagtetext at pag-aaral, iba na talaga ang mga kaugalian ng mga

estudyante ngayon. Wala na silang sapat na disiplina sa paggamit ng kanilang oras at kung paano ito mawawaldas na may katuturan.

Gemmill at Peterson (2006), sila ay nagtanong sa mga mag-aaral kung gaano kalaki ang nagamit nilang oras para sa paggamit ng makabagong teknolohiya at kung malaki ba ang naidudulot nitong stress. Base sa kanilang ginawang pag-aaral , halos 25% na kanilang oras ay nagagamit sa teknolohiya at may malaking parte din ito sa stress na nararanasa ng mga estudyante.

Llyod , Dean at Copper (2007), ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa parte ng medya sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Napag alaman na mayroong itong malaking impluwensiya sa pamamaraan ng pakikitungo ng mga mag-aaral sa kanilang kaibigan, kamag-aral , at guro.

MGA LITERATURA AT PAG-AARAL NA LOKAL

Maraming tao ang kadalasang nagtatalo kung ang teknolohiya aynakakabuti o nakakasama. Marami ang naniniwala naang teknolohiya ay mayepekto sa ating lipunan , pero marami rin ang pabor sa pag-unlad ng teknolohiyadahil ito ay nagbibigay ng magandang dulot sa pamumuhay ng mga Pilipino . Ang mga pananaw na ito ay tama. Subalit, kailangan nating pag-aralan ng mabuti kungang teknolohiya nga ba ay nakakatulong o nagdudulot ng masamang epekto. Ito ay nakasalalay sa atin mga Pilipino kungt paano natin ito gagamitin. Ayon kay Miel Torres ng Tanauan Institute Inc. Na may kursong Business Administration ,Sa kasalukuyang panahon, sino pa ba ang hindi nakaka-alam ng isa pa sa mgasikat na imbensyon, ang Computer. Bagay na nagpadali ng buhay ng mga mag-aral nakatulad ko. Ayon nga sa mga nakatatanda, kung dati raw ay aabutin ka ng mag-haponsa library ng paaralan upang hanapin ang kahulugan ng mga leksyon, ngayon aynariyan sa bawat kanto ng Metro Manila hindi lang sa lugar ng mga urban maging sarural ang mga ‘Internet Café’. Sa isang pindot lang, nasa harap mo na agad anghinahanap mo. Maliban pa sa sobrang bilis na proseso na paghahanap ng leksyon,nariyan pa ang printer upang solusyonan ang problema sa matagal na pagsusulat ngmga takdang aralin. Click lang ng click ay makukuha mo na ang isang mabilis naproseso ng paggawa. Kung isang matalinong indibidwal nga naman ang gagamit ngteknolohiya, siguradong malayo ang mararating ng ating bansa. Malaki ang maitutulongnito upang umunlad at patuloy na mapadali ang proseso ng modernisasyon na siyangmagdadala sa bawat tao sa tiyak na tagumpay.Ayon kay DepEd Asst. Secretary Teresita Inciong, kina kailangan na pagsabihanlang ng mga guro ang kanilang mga estudyante na patayin o itago ang cellphones ngmga ito habang nasa klase para makaiwas sa anumang reklamo mula sa mgamagulang laban sa kanila.

Sa umiiral na DepEd Order number 83-2003; order number 26-2000 at order number 70-1999, mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng cellularphones sa mga estudyante habang nasa loob ng klase. Pinakiusapan din ni Inciong ang mga estudyante na maging responsable sa paggamit ng cellphone. Hinikayat rin niInciong ang mga guro na gabayan ang mga estudyante sa tamang paraan sa paggamitng naturang teknolohiya sa impormasyon upang hindi malaglag ang mga ito sa malinggawain tulad ng pakikipag-text sa mga estranghero na may masasamang intensyon,bagkus ay gamitin ito lalo na sa paghingi ng saklolo.